

1. *Child-Rearing Support ng Tochigi City.*

Ang lungsod ng Tochigi ay kaagapay ng henerilasyong ito ng may mga maliliit na anak at aktibong sumusuporta upang maibasan ang hirap sa pagpapalaki ng mga bata.

Una sa lahat, kapag ikaw ay nagbuntis sa unang pagkakataon, maaaring makaramdam ng pagkabalisa dahil hindi alam ang gagawin. Sa ganitong pagkakataon, huwag mag-atubiling kumunsulta sa “Sukoyaka Child-Rearing Consultation”. Ang lugar na ito ay pwedeng magbigay suporta sa pagbubuntis sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mother and child handbook, pagpapahiram ng baby bathtub, parenting classes, mga payo sa pangangalaga ng bata at ang tamang pagpapasuso ng sanggol, pagsusuri sa kalusugan at pangangalaga sa expectant mother, ganundin sa post-partum care nito.

Bago at pagkatapos ng panganganak, ang ina ay maaaring mag-alala sa kanyang pisikal na kalagayan, mga gawaing bahay at pagaaruga sa kanyang sanggol. Kung walang makakatulong sa kanya ay maaari siyang puntahan at tulungan ng isang pre-natal at post-partum helper sa mga gawaing bahay at pangangalaga ng kanyang anak. Gayundin, may midwife na bibisita sa bahay upang magbigay ng prenatal childcare.

Ang lungsod ay nagbibigay din ng subsidiya sa mga gastusing medical ng mga bata. Ang sistemang ito ay sakop ng Health Insurance upang mapagamot ang mga bata sa kanilang pagkakasakit o tinamasang injuries. Hindi na kailangan magbayad sa mga pagamutan para sa gastusing medical ang mga bata hanggang sila ay makatapos ng Junior HighSchool.

Bilang karagdagan, marami pang mga hakbang upang suportahan ang pagpapalaki ng mga bata ang lungsod upang sila ay lumaking maayos at malusog.

Ang “Sukoyaka Child Rearing Consultation Room ay matatagpuan sa loob ng Tochigi Health and Welfare Center. Hindi lamang pagbubuntis

at panganganak ang maaring ikunsulta sa kanila kundi kahit ano pang mga bagay o alalahanin sa pagpapalaki ng inyong mga anak hanggang sila ay umabot ng 18 taong gulang. May mga propesyunal na makikinig at tagapayo na tutulong sa inyo. Kaya huwag mag-atubiling humingi ng payo sa kanila.

2. Tungkol sa Food Bank Project ng Lungsod

Ang lungsod ng Tochigi sa pakikipagtulungan ng Tochigi City Council of Social Welfare ay nagpapatupad ng isang proyekto upang ipamahagi ang libreng pagkain na bigay ng mga ilang indibidwal at kumpaya sa mga nangangailangan. Ang mga pagkain na ito ay ipapamahagi sa Tochigi City Council of Social Welfare na matatagpuan sa ikalawang palapag ng Tochigi Health and Welfare Center. Ang oras ay mula alas 9:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes lamang. Ang mga pagkain maaring matanggap na libre ay ang bigas, instant and retort foods, mga de-lata, dried foods and noodles, mga minatamis, mantika at iba pang mga seasonings.

3. Ang Pagtatag ng Bagong Vaccination Site

Bukod sa pagpapabakuna ng lungsod, ang prefectural government ay magtatatag ng bagong vaccination site sa katimugang bahagi ng Tochigi Ken upang ang kabuoang populasyon ng prefecture ay mabakunahan hanggang sa puntiryang iskedyul na katapusan ng Nobyembre.

Ang tatlong venues na itatalaga bilang vaccination sites ay ang Kennan Gymnasium ng Oyama City, ang Sano Kosei General Hospital at Aeon Town ng Sano City. Ang mga nabigyan ng vaccination tickets sa Tochigi City ay pwedeng magamit sa mga nasabing lugar. Ang igagawad na bakuna ay Moderna ng Takeda Japan at bilang panuntunan, ang dalawang dose ng Moderna ay ibibigay na may agwat na 4 na linggo. Ang reservations ay sa online sa kanilang website o sa line account lamang. Hindi na tatanggapin ang tawag sa telepono.

Para sa katanungan ay tumawag sa Tochigi Prefecture Vaccination Site Call Center 5573-003-234 mula alas 9:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon. Tumatanggap sila ng tawag kahit weekends o holidays. Kahit nakumpleto na ang pagpapabakuna para sa COVID19 ay dapat pa ring ipagpatuloy na gawin ang mga pangunahing hakbang sa pag-iwas sa impeksyon tulad ng pagsuot ng face masks, mainam na bentilasyon ng silid at paghugas ng kamay.